

Setyembre 01, 2023

Araw ng Alberta: Premier Smith

Inilabas ni Premier Danielle Smith ang sumusunod na pahayag sa pagdiriwang ng Araw ng Alberta:

“Marami tayong maipagmamalaki sa Alberta. Ang Alberta ay tahanan ng milyun-milyong tao mula sa maraming antas ng pamumuhay at bawat tao ay nag-aambag sa mayaman na istruktura ng lipunan na nagpapalakas sa atin.

“Tayo ay isang maipagmamalaki, nag-aambag na miyembro ng Kompederasyon mula noong Setyembre. 1, 1905. Sa loob ng maraming mga taon, naging pinuno tayo ng mundo sa paggawa ng etikal at malinis na enerhiya. Mayroon tayong matibay na mga pinagmulan - mula sa mga komunidad ng Katutubo at Métis na tinawag ang lugar na ito na tahanan sa loob ng maraming mga siglo hanggang sa mga magsasaka at rantsero na nagpalago sa ating industriya ng agrikultura upang maging kilala sa buong mundo. Tayo ay tahanan ng mga artista at mga innovator, at tayo ay isang destinasyon para sa mga pamilya, mga manlalakbay at namumuhunan mula sa buong mundo.

"Ang Araw ng Alberta ay nagbibigay sa ating lahat ng pagkakataon na ipagdiwang kung sino tayo, suriin kung saan tayo nanggaling at ipakita ang maipagmamalaki sa ating nakamit.

“Ngayon ay tungkol sa pagsasalaysay ng kuwento ng ating lalawigan, taon-taon, at pagpapahalaga sa ating mayamang pamanang kultura. Ito ay isang pagkakataon upang tipunin at ipagmalaki ang ating mga indibidwal na kasaysayan at kilalanin ang talento at mga kontribusyon ng ating mga kapwa Albertan.

“Sama-sama, maaari nating parangalan at ipagdiwang ang dakilang lalawigang ito sa pamamagitan ng pagdalo sa isang kaganapan, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ating mga karanasan sa social media gamit ang hashtag #AlbertaDay o sa pamamagitan ng paggugol ng oras sa isa sa ating mga museo at mga lugar ng pamana upang ibabad ang ating sarili sa mga kuwento ng kung sino tayo at kung saan tayo nanggaling.

“Sa araw na ito 118 taon na ang nakalilipas, ang Alberta ay naging isang lalawigan. Umaasa ako na ang bawat Albertan ay makakahanap ng oras upang tamasahin ang mga kasiyahan at ipagdiwang ang Araw ng Alberta!”

Kaugnay na impormasyon

- [Araw ng Alberta](#)